

SI KAREEM ABDUL-JABBAR, BASKETBOLISTA, USA

Marka:

Paglalarawan?: Sikat sa kanyang slam dunks at "skyhook", natuklasan ni Kareem Abdul-Jabbar ang kabilang panig ng buhay, Espiritwalidad, at tinanggap ang Islam.


Kategorya: [Mga Artikulo](#) [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) [Mga Personalidad](#)

Ni: Anonymous

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 18 Dec 2006

Kinikilala ng maraming mga manlalaro bilang pinakadakilang manlalaro ng basketbol sa lahat, binoto ng anim na beses na pinakamahalagang manlalaro ng National Basketball Association, si Kareem Abdul-Jabbar ay isa rin sa mga nakikitang mga Muslim sa pampublikong arena ng Amerika. Ang 7'2" katutubo ng upper Harlem, na ipinanganak bilang Ferdinand Lewis Alcindor, ay bumida sa UCLA bago pumasok sa National Basketball Association kasama ang Milwaukee Bucks noong 1969. Kalaunan ay napunta si Alcindor sa Los Angeles Lakers. Siya ay labis na nangingibabaw sa basketbol sa kolehiyo na ang "dunking," kung saan siya ay napakahusay, ay pormal na ipinagbawal sa pangkolehiyong isport. Bilang isang resulta, binuo ni Lew Alcindor ang pagtira kung saan siya ay pinakatanyag - ang "skyhook" - ang tinawag na pagtira na nagpabago ng basketbol, at sa tulong nito siya ay makakaiskor ng higit sa tatlong libong puntos sa regular-season na laro ng NBA. Nang maipanalò ng Milwaukee ang titulo ng NBA noong 1970-71, si Alcindor, na noon ay si Kareem Abdul-Jabbar, ay ang ibinunyang hari ng basketbol.



Unang natutunan ni Lew Alcindor ang Islam mula kay Hammas Abdul Khaalis, isang dating jazz drummer... Ayon sa kanyang sariling pahayag, siya ay pinalaki upang seryosohin ang awtoridad, alinman sa mga madre, guro, o tagasanay, at sa diwa ay sinunod niya ang mga turo ni Abdul Khaalis. Siya ang dahilan kung bakit nabigyan si Alcindor ng pangalang Abdul Kareem, pagkatapos ay binago niya ng Kareem Abdul-Jabbar, na literal na "ang marangal, tagapaglingkod ng Makapangyarihan sa lahat." Gayunpaman, sa lalong madaling panahon, nagpasya siyang dagdagan ang mga turo ni Abdul Khaalis sa kanyang sariling pag-aaral ng Quran, kung saan siya ay nagsagawa upang malaman ang pangunahing Arabe. Noong 1973, naglakbay siya sa Libya at Saudi Arabia upang makakuha ng mas mahusay na pag-unawa sa wika at malaman ang tungkol sa Islam sa ilang mga "pantahanang" mga konteksto. Si Abdul-Jabbar ay hindi interesado na gumawa ng uri ng pahayag sa publiko tungkol sa kanyang pagpasok sa Islam na naramdaman niya di niya nais na gawin ang gaya ng ginawang pahayag ng pagsalungat ni Muhammad Ali tungkol sa

Digmaang Vietnam, na nais lamang niya na makilala ang kanyang sarili nang tahimik bilang isang Aprikanong Amerikano na isang muslim din. Malinaw niyang ipinahayag na ang kanyang pangalan na Alcindor ay isang pangalan ng alipin, ang literal na mangangalakal ng alipin na dinala ang kanyang pamilya mula sa West Africa hanggang Dominica hanggang Trinidad, na mula doon kung saan dinala sila sa Amerika.

[...] Si Kareem Abdul-Jabbar ay nagpatunay sa kanyang pagkakakilanlan bilang isang Sunni Muslim. Ipinapahayag niya ang isang malakas na paniniwala sa tinatawag na Kataas-taasang Nilalang at malinaw sa kanyang pag-unawa na si Muhammad ang kanyang propeta at ang Quran ang pangwakas na paghahayag...

....Tinatanggap ni Kareem ang kanyang responsibilidad na mamuhay nang mabuti na isang Maka-islamikong pamumuhay hangga't maaari, na kinikilala na ang Islam ay natugunan ang mga kinakailangan ng pagiging isang propesyonal na atleta sa Amerika.

Mga sipi mula sa Kanyang Aklat, *Kareem*

Ang mga sumusunod ay mga sipi mula sa pangalawang aklat na isinulat niya tungkol sa kanyang buhay sa basketbol, *Kareem*, na inilathala noong 1990^[1], na nagsasabi sa kanyang mga kadahilanan sa pagka-akit sa kanya ng Islam:

[Habang lumalaki sa America,] natagpuan ko kalaunan . . . sa emosyonal, espiritwal, kindi ko kayang maging isang rasista. Habang tumatanda ako, unti-unti akong napapaniwala na ang itim ay alinman sa pinakamahusay o pinakamasama. Ganun lang talaga. Ang itim na tao na may pinakamalalim na impluwensya sa akin ay si Malcolm X. Nabasa ko ang "Muhammad Speaks", ang pahayagan ng Itim na Muslim, ngunit kahit noong mga unang bahagi ng sixties, ang kanilang tatak ng rasismo ay hindi katanggap-tanggap sa akin. Ito ay hawak ang magkaparehong poot bilang puting rasismo, at para sa lahat ng aking galit at sama ng loob, naintindihan ko na ang galit ay maaaring gumawa ng kaunti upang mabago ang anupaman. Ito ay isang palaging negatibong ikid lamang na kumakain sa sarili nito, at sino ang nangangailangan nito?

. . . Naiiba si Malcolm X. Naglakbay siya patungong Mecca, at napagtanto na niyayakap ng Islam ang mga tao ng lahat ng kulay. Pinatay siya noong 1965, at kahit na hindi ko alam ng lubos ang tungkol sa kanya noon, malakas ang tama sa akin ng kanyang kamatayan dahil alam kong pinag-uusapan niya ang tungkol sa kapurihan ng itim, tungkol sa tulong sa sarili at pag-aangat sa ating sarili. At nagustuhan ko ang kanyang kilos ng di-paninipsip.

. . . Ang talambuhay ni Malcolm X ay lumabas noong 1966, noong ako ay isang freshman sa UCLA, at nabasa ko ito bago ang aking ika-labing siyam na kaarawan. Ito ay naglagay ng isang mas malaking impresyon sa akin kaysa sa anumang libro na nabasa ko, na binago ako ng buo. Nag-iba ang paningin ko sa mga bagay, sa halip na tanggapin ang pangunahing pananaw.

. . . [Malcolm] binuksan ang pintuan para sa totoong kooperasyon sa pagitan ng mga lahi, hindi lamang ang mababaw, paternalistic na bagay. Pinag-uusapan niya ang tungkol

sa mga totoong tao na gumagawa ng mga tunay na bagay, kapurihan ng itim at Islam. Pinanghawakan ko lang ito. At hindi na ako lumingingon.

Pakikipanayam sa TalkAsia[2]

SG[3]: Bago magkaroon Kareem Abdul-Jabbar ay mayroong Lew Alcindor. Ngayon si Lew Alcindor ay kung ano nang ipinanganak si Kareem Abdul-Jabbar, mula nang siya ay nagbalik Islam. Isang bagay na sinasabi niya na isang napakahalagang espirituwal na pagpapasya. Sabihin mo sa akin ang kaunti tungkol sa iyong sariling personal na paglalakbay, mula sa Lew Alcindor hanggang sa Kareem Abdul-Jabbar. Mayroon pa bang ilang natitira sa Lew Alcindor sa iyo ngayon?

KA[4]: Alam mo na yun ang kung sino ang sinimulan ko sa buhay ko, ako pa rin ang anak ng aking magulang, ako pa rin... ang aking mga pinsan ay pareho pa rin, ako pa rin ito. Ngunit gumawa ako ng isang pagpapasya. (SG: Iba ba ang pakiramdam mo? Iba ba ang pakiramdam kapag kumuha ka ng ibang pangalan, ibang persona?) Hindi ko talaga iniisip ... Sa palagay ko ay may higit na kaugnayan ito sa ebolusyon - Naging ako si Kareem Abdul-Jabbar, wala akong anumang pagsisisi tungkol sa kung sino ako ngunit ito ako ngayon.

SG: At isang espirituwal na paglalakbay, gaano kahalaga iyon?

KA: Bilang isang espirituwal na paglalakbay, masasabi ko na di ako magiging matagumpay bilang isang atleta kung hindi dahil sa Islam. Nagbigay ito sa akin ng isang moral na angkla, binigyan ako nito ng kakayahan na hindi maging materyalista, kakayahan na higit na makita kung ano ang mahalaga sa mundo. At ang lahat ng iyon ay pinalakas ng mga tao, napakahalagang mga tao sa akin: Si coach John Wooden, aking mga magulang, lahat ay nagpatibay sa mga pinahahalagahan. At binigyan ako nito ng buhay sa isang tiyak na paraan at hindi magambala.

SG: Noong niyakap mo ang Islam, nahirapan ba ang ibang tao tanggapin ito? Naglikha ba nito ang distansya sa pagitan mo at ng iba?

KA: Sa pinakamalaking bahagi nito, oo. Hindi ko sinubukan itong gawing mahirap sa mga tao; Wala akong maliit na tilad sa balikat ko. Nais ko lang na maunawaan ng mga tao na ako ay Muslim, at iyon ang naramdaman ko na ang pinakamahasag na bagay para sa akin. Kung kaya nilang tanggapin ito kaya ko silang tanggapin. Hindi ako... hindi ito tulad ng kung ikaw ay magiging kaibigan ko ay kailangan mo ring maging Muslim. Hindi, hindi iyon. Nirerespeto ko ang mga pagpipilian ng mga tao tulad ng inaasahan kong iginagalang nila ang aking mga pagpipilian.

SG: Ano ang nangyayari sa isang tao kapag kumuha sila ng ibang pangalan, isa pang persona kung gusto mo? Gaano ka nagbago?

KA: Para sa akin ay lalo akong naging mapagparaya dahil kailangan kong matuto upang maunawaan ang mga pagkakaiba. Alam mong naiiba ako, hindi madalas naiintindihan ng mga tao kung saan ako nanggaling; tiyak pagkatapos ng 9/11 Gusto kong

ipaliwanag ang aking sarili at...

SG: Mayroon bang pinsalang idinulot laban sa mga taong katulad mo? Naramdaman mo ba yun?

KA: Hindi ako nakaramdam ng pinsala, ngunit tiyak na naramdaman ko na maraming tao ang maaaring magtanong sa aking katapatan, o magtanong kung nasaan ako, ngunit patuloy akong magiging isang makabayang Amerikano...

SG: Para sa maraming mga itim na Amerikano, ang pag-babalik loob sa Islam ay isang masidhing pampulitika na desisyon din. Pareho ba ito para sa iyo?

KA: Hindi iyon bahagi ng aking paglalakbay. Ang pagpili ko sa Islam ay hindi isang pahayag sa politika; ito ay isang espirituwal na pahayag. Ang natutunan ko tungkol sa Bibliya at ang Quran ang nagpakita sa akin na ang Quran ay ang sumunod na paghahayag mula sa Kataas-taasang Pagka - at pinili kong bigyang-kahulugan iyon at sundin iyon. Sa palagay ko ay wala itong kinalaman na isang-tabi ang kahit sino, at tanggihan ng mga ito ang kakayahang magsanay ayon sa nakita nilang akma. Sinasabi sa atin ng Quran na ang mga Hudyo, Kristiyano, at Muslim: dapat tratuhin ng mga Muslim sa pare-parehong paraan dahil lahat tayo ay naniniwala sa parehong mga propeta at Langit at Impyerno ay magiging pareho para sa ating lahat. At iyon ang dapat na mangyari.

SG: At naging pinaka-maimpluwensiya din ito sa iyong pagsulat.

KA: Oo. Ang Pagkakapantay-pantay ng Lahi at kung ano ang karanasan ko habang lumalaking bata sa Amerika ay talagang nakakaapekto sa akin upang maranasan ang Kilusang Mga Karapatang Sibil, at makita ang mga taong nanganganib sa kanilang mga buhay, binubugbog, inaatake ng mga aso, ginagamitan ng fire hose sa mga kalye, at sila ay pinili pa rin ang hindi marahas at napakalakas na diskarte upang labanan ang pagkapanatiko. Ito ay kapansin-pansin at tiyak na nakaapekto ito sa akin sa napakalalim na paraan.

Mga talababa:

[1] Random House (Mar 24 1990). ISBN: 0394559274.

[2] Kareem Abdul-Jabbar Kopya ng Talkasia. Petsa ng palatuntunan July 2nd, 2005. (<http://www.cnn.com/2005/WORLD/asiapcf/07/08/talkasia.jabbar.script/index.html?eref=sitesearch>)

[3] S.G.: Ang Host, Stan Grant

[4] KA: Ang Panauhin, Kareem Abdul-Jabbar.

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/446/si-kareem-abdul-jabbar-basketbolista-usa>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.